


# Saksi sa pakikibaka at pag-angat

NI **Benito V. Sanvictores Jr.**

**“Taong 1976 nang lumipat ang buong pamilya namin dito sa UP Diliman (UPD),” simula ng kuwento ni Clodualdo E. Cabrera na mas kilala sa palayaw niyang “Buboy.”**

Pamilyar siya sa maraming kawani dahil aktibo siya sa All UP Workers Union, partikular sa Diliman Chapter. Siya rin ang kauna-unahang staff regent ng UP System na nahalal noong 2009 kaya kinailangan niyang lumiban sa paglilingkod sa unyon noong mga panahong siya ay isang rehente.

Ang kanilang buong pamilya – mga magulang at limang magkakapatid – ay mula sa Pandan, Catanduanes. "Nalaman ng tatay ko ang Dagohoy dahil nagtratrabaho na siya sa Maynila noon. Nakikitira siya sa isa niyang kapatid na nangungupahan sa Pook Dagohoy. Marami ang Bicolano sa nasabing lugar at ang ilan ay kanilang kamag-anak," ani Cabrera.

**Pook Dagohoy noon.** Ayon kay Cabrera, "dine-develop pa noon ang Pook Dagohoy. Wala pang masyadong buildings" nang dumating sila roon. Aniya, marami roong puno, may sapa, at putik-putik ang kalsada dahil hindi pa ito sementado o aspaltado.

Paborito nilang tambayan ang basketball court kung saan sila "naglalaro, naggigitara, at nagkakantahan ng [kaniyang] mga kaibigan at kaklase sa Balara Elementary School at Balara High School." Nakahiligan nilang laruin ang sipa, baril-barilan gamit ang mga tangkay ng dahon ng saging, tagu-taguan, gubat-gubat, at agawan-base.

***Paborito nilang tambayan ang basketball court kung saan sila "naglalaro, naggigitara, at nagkakantahan ng [kaniyang] mga kaibigan at kaklase sa Balara Elementary School at Balara High School."***

Nagkakalakal din daw sila noon ng mga bakal para may pangdagdag sa pang-araw-araw nilang baon sa eskuwela.

Tuwing Mayo ay may Santacruzan kaya may parada ng mga sagala at kanilang mga konsorte. May mga padasal at "salu-salo mula sa mga napag-ambagang pera o kaya ay mga pagkain mismo mula sa magkakapitbahay." Walang piyesta sa Dagohoy dahil wala naman silang patron.

Tuwing Kapaskuhan naman ay nangangaroling silang mga kabataan. "Ang paborito naming puntahan ay ang Area 1 kasi doon nakatira ang mga propesor na mas nakaaangat sa buhay kaysa sa amin," pag-alala ni Cabrera.

*Sa kabilang pahina: UPD Walkout 2019.*
*Larawang kuha ni Haidee C. Pineda, UPDIO*

**Malaking Pagsubok sa Dagohoy.** "Noong 1970s ay ilan pa lang ang buildings. Nandoon ang informal settlers na nag-iisip na balang araw ay gagamitin na rin ang lupa nila kaya mayroon silang pag-aagam-agam noon na ma-relocate sila," kuwento ni Cabrera.

Iba ang sitwasyon sa UP kumpara sa ibang pamantasan kasi may mga guro, kawani, estudyante, at mga residenteng nakatira sa loob ng kampus. Ang mga bagay na ito ay wala sa ibang unibersidad. Ang UPD campus ay parang maliit na lipunan.

"Natutuwa ako sa UPD kasi may pagmamahal tayo sa informal settlers. May malasakit tayo sa kanila," ani Cabrera.

"Hindi ko malilimutan ang taong 1985 dahil nagkaroon ng demolition sa may bandang Pook Ricarte. Panahon iyon ni UP President Edgardo J. Angara," ani Cabrera. Ang Pook Ricarte ay isa sa tatlong lugar sa residential area na tinatawag na RIPADA o Ricarte-Palaris-Dagohoy.

Ang demolition ay tinawag na "Battle of Ricarte kasi naging marahas ang pag-demolish ng mga bahay. Halos 200 pulis ang ipinadala sa Ricarte at nagkaroon ng gulo sa pagitan nila at mga estudyante ng UPD, Miriam [College], at Ateneo [de Manila University] na nakikisimpatiya sa informal settlers. Sa naaalala ko ay nandoon din sina Kit Belmonte, na ngayon ay isa sa congressmen ng Quezon City, at si Fidel Nemenzo, na ngayon ay siyang tsanselor ng UP Diliman."

**Pook Dagohoy ngayon.** "Ibang-iba na ang Pook Dagohoy. Marami na ang nabago mula noong 1970s. Marami nang bagong gusali at marami pang ongoing infrastructure projects. Wala na ang mga sagingan. Natuyo na ang sapa. Wala na ang mga kalsadang putik-putik kung saan kami naglalaro," saad ni Cabrera.

Sa ngayon ay nasa Area 2 na ang sariling pamilya ni Cabrera. "Mula sa Pook Dagohoy ay lumipat ako at ang sarili kong pamilya sa Hardin ng Rosas noong 1991. Lumipat naman kami sa kasalukuyan naming tirahan noong 2006."

**Pagtanaw sa hinaharap.** "Pareho kami ng asawa ko na empleyado sa UP System – ako sa Supply and Property Management

*Pook Dagohoy sa kasalukuyan. Larawang kuha ni Jerald DJ. Caranza, UPDIO*



Office (SPMO) at ang asawa ko sa System Accounting Office. Pero una akong nagtrabaho sa UP." Nagsimula si Cabrera sa UP National Institute for Science and Mathematics Education Development o NISMED noong 1990 bilang isang kaswal na empleyado. Taong 1996 naman ay nalipat siya sa UP Press at sa kasalukuyan ay sa SPMO.

"May tatlo kaming anak ni Shirley. Ang panganay ay nagtapos sa UPLB [UP Los Baños], ang pangalawa ay nag-aaral pa sa Quezon City University, at ang bunso ay nasa UPIS [UP Integated School]." Si Shirley, tulad ni Buboy, ay aktibo sa unyon.

"Sa loob ng pitong taon, o sa 2028, ay magre-retiro na ako, o puwede ring mas maaga," pahayag ni Cabrera. Layon niyang muling bumalik sa paglilingkod sa mga komunidad o sa masa, ang linya ng una niyang trabaho sa isang non-governmental organization sa Laguna bago sya pumasok sa UP.

Sa kanilang pagreretiro ay kakailanganin na nilang lisanin ang UPD, ang naging tahanan niya ng mahigit 50 taon. "Malungkot isipin kasi pagkatapos ng maraming taon ay kailangan naming humanap ng bagong tirahan para magkaroon ng tirahan ang iba pang empleyado na naghihintay rin ng slot. Dapat ay ihanda ang sarili para may ibang makinabang sa mga housing unit."

"Masayang maging parte sa pagpupunyagi ng UP para maglingkod sa mamamayan. Bilang mga empleyado ay may tungkulin tayo sa mamamayan. Hindi lang para sumuweldo; dapat ibalik natin sa bayan ang serbisyo nang walang pag-iimbot," pahayag ni Cabrera.

*Hiling at protesta para sa health support grant. Larawan mula kay Cabrera*




*Pamilya Cabrera. Larawan mula kay Cabrera*

